

SELF-DETERMINATION PROGRAM



ANO ANG PROGRAMANG SELF-DETERMINATION?

Ang Self-Determination Program (SDP) ay isang kusang loob na programa ng regional center na nagbibigay sa mga kalahok ng indibidwal na badyet para kumuha o bumili ng mga serbisyo at mga suporta na kailangan nila upang maisakatuparan at makamit ang kanilang mga layunin sa Person-Centered Plan (PCP) at Individual Program Plan (IPP).

Ang SDP ay nagbibigay-daan sap ag-access sa mga serbisyo sa pamamagitan ng mga ahensya o mga taong hindi nagbibigay nang serbisyo sa Regional Center habang sumusunod sa lahat ng karaniwang pangangailangan ng mga serbisyo, kabilang ang pangangailangang ubusin ang mga generic na mapagkukunan at gumagamiy ng mga natural na suporta bago ma-access and pagpopondo ng Regional Center.

Ang programa ay may limang prinsipyo na bahagi ng batas:

1. Kalayaan-magkaroon ng parehong mga karapatan gaya ng lahat. Upang magpasya kung paano mo gustong mabuhay at kung sino ang susuporta sa iyo.
2. Awtoridad-upang makontrol and isang badget para bumili ng mga serbisyo at suporta na iyong pinili.
3. Suporta-kabilang and kakayahang ayusin ang mga mapagkukunan at tauhan.
4. Responsibilidad-kabilang ang pagkakaroon ng responsibilidad sa iyong mga desisyon sa iyong buhay at pagtanggap ng isang mahalagang papel.
5. Kumpirmasyon-sa paggawa ng mga desisyon sa iyong sariling buhay sa pamamagitan ng pag-disenyo at pangangasiwa ng mga serbisyo na kailangan mo at maasahan mo.

SINO AND PWEDE MASALI SA SELF-DETERMINATION PROGRAM?

Simula ng Hulyo 01, 2021, ang Self-Determination Program ay maari nang magamit ng mga kliyente ng Regional Center na kwalipikado sa ilalim ng Lanterman, na hindi nakatira sa long-term health facility (skilled nursing facility o intermediate care facility).

PAANO AKO MAGSISIMULA

Upang magsimula, maari ninyong tawagan ang inyong Service Coordinator at ipaalam na ikaw ay interesado. Ituturo nila sa inyo ang tungkol sa mga hakbang na kailangan.